

1

This was one of the coolest places on Earth: *El Arcachon Strip* and her summers! Isa itong four-star resort sa Palawan. It had four villas and an infinity pool projecting over a strip of white sand and azure blue waters.

Sumilip si Yarra sa labas ng bintana ng kanyang kuwarto para tingnan ang dalampasigan sa labas. Sarap na sarap sa pagsa-sunbathing ang mga bisita habang siya ay nakagapos sa kanyang wheelchair. Mula nang magkaisip siya, hindi na niya nagagamit ang kanyang mga paa. Hindi kaya ng lower legs niya na itayo siya kaya buong buhay niya ay nakatali siya sa wheelchair, tila kinalimutan ng mundo sa labas niya at ng mga tao roon.

Dito siya itinatapon sa *El Arcachon Strip* tuwing tag-araw dahil dito namamalagi nang dalawang buwan ang kanyang ina bago ito bumalik sa abalang buhay nito sa Singapore kasama ng asawa at ng step-sister niyang si June. Dapat nga ay isinasama rin siya ng ina sa Singapore, pero ayaw nitong mag-alaga ng isang lumpo kaya iniwan siya sa isang pad sa Makati kasama ng isang katulong at driver.

Dati ay kasama niya ang isang tiyahin na matandang dalaga, pero namatay ito limang taon na ang nakakaraan at doon nag-umpisa ang kanyang depresyon. Lumobo ang katawan niya sa sobrang kakakain kaya PWD na nga siya, dabyana pa. Bukod doon, pinutakti pa ng taghiyawat ang mga pisngi niya.

Natanaw niya ang ina na nakatambay sa buhanginan. Nakasuot ito ng two-piece at nagsa-sunbathing kasama ng asawa nito at mga kaibigan. Fifty-five na ito pero mukhang treinta pa rin ang katawan. Sexy ito kahit hindi katangkaran. Tuwing tag-araw rin lang sila nito nagkikita at kahit nasa iisang lugar sila ay madalang pa rin silang magkaharap dahil abala ito sa mga kaibigan at kakilala. Hindi naman siya iniimbata nito para makisaya sa mga ito.

Pakiramdam ni Yarra, parang hindi ito proud na may anak na imbalida. Pinupuntahan naman siya nito sa kuwarto niya para kausapin paminsan-minsan.

Bumukas ang pinto ng kanyang suite.

Sino kaya itong mag-aaksaya ng oras para makita siya ngayong hapon?

Ang stepsister niyang si June ang pumasok. Kung titingnan sa pisikal na kaanyuan ay mukhang ito ang

totoong anak ng Mommy Rose niya dahil pareho ang mga ito na tsinita at 5'4 ang height. Pareho ring shoulder-length ang hairdo kaya kaunti lang ang nakakaalam na mag-stepmother lang ang dalawa.

“I want you to help me,” sabi nito sa boses na mapagmando. Anak ito ng kanyang Tito Roger sa unang asawang namatay sa panganganak kay June mismo.

Ang kanyang inang si Rose na ang nagpalaki rito dahil three years old si June nang magpakasal ang mommy niya at si Roger. Iniwan siya ng ina sa kanyang Tita Adelaide at sumama na ito sa mag-amang Delgado. Patay na rin ang sariling ama niya. Nag-suicide umano ito noong one year old pa lang siya.

Mag-business partner ang ama niya at si Roger, kasama si Albus Alco. Ito ngang *El Arcachon Strip* ay kasama sa resorts na negosyo ng tatlo.

“I need the key to the theater room again,” untag ni June. “Can you get it for me?”

Hindi siya makahindi sa stepsister dahil pinagagalitan siya ng ina kapag sinasalungat niya si June.

“I don’t want anyone to know that I have the

key,” paalala nito.

Alam niya kung bakit ayaw ipaalam ni June na nandoon ito sa theater room. Doon kasi ito nakikipaglampungan kay Aldon. Gusto niyang mapailing dahil ang kuya ni Aldon na si Atlas ang boyfriend ng stepsister.

Tanggap June!

Kung siya ang tatanungin ay ginagamit lang ito ni Aldon para pasakitan ang kapatid dahil malaki ang inggit nito sa kuya na mas matalino at mas successful.

“Kunin mo na, ngayon na! Need ko, ha, before eight.”

“Papalabas na kasi ’yong *Ugly Betty*. Mamaya na lang pagkatapos.”

Isang masamang tingin ang pinalipad ni June sa direksyon niya. “Importante ito kaya gawin mo na!”

Hindi na siya makahindi dahil tinulak na ni June ang wheelchair niya palabas ng silid. Iginiya na lang niya ang wheelchair papuntang elevator pababa sa ground floor, at tulad ng dati, wala na namang tao sa stock room kung saan naroon ang mga extrang susi. Puwede namang si June mismo ang kumuha ng susi rito. Siyempre, hindi nito gagawin iyon para kung

magkagulo ay si Yarra ang malintikan. Hinablot niya ang susi at bumalik sa taas kung saan naghihintay si June sa kuwarto niya.

“Thanks,” sabi nito pagkakuha ng susi mula sa kanyang kamay. Mabilis itong tumalikod pagkatapos at lumabas ng pintuan.

Naiwan na lang siyang napapatingin sa ngayon ay sarado nang pinto.

Lumapit siya sa TV pagkatapos. Huli na siya sa *Ugly Betty*. Idol pa naman niya si America Ferrera, pero siyempre mas gusto niya ang original na Colombian *Betty La Fea*.

Hayun, kinakawawa si *Betty* sa episode. Pero kahit pangit si *Betty* ay nakakalakad ito. Hindi tulad niya, pangit na nga, lumpo pa.

Naisip na lamang ni Yarra na hindi naman siya dehado sa ganda dahil matangos ang kanyang ilong na sobrang pino at liit ng hugis. Bilugan ang kanyang mata na mapupungay. Gray-blue ang irises niya na parang sa bampira sa modern TV series. Namana niya ang mga ito sa namayapang ama na may Palestinian, German at Filipino ancestry.

Nang matapos ang palabas ay nagpasya siyang bumaba para makakain doon sa pantry. Tinatamad

kasi siyang kumain kasama ang mga bisita. Dito siya nakikisama sa mga employee. Mababait naman ang mga ito sa kanya. Hindi nga lang siya masaya sa nakikitang awa mula sa mga ito, na para bang siya ang pinakanakakaawang nilalang sa mundo.

Pagkatapos kumain ay lumabas si Yarra sa patio at doon nagpahangin. Nakita niyang paparating sa villa si Aldon. Siguradong sa hindi ginagamit na theater room ang punta ng isang ito. Noong isang gabi ay nakita niyang may kalampungan itong ibang babae sa beach nang magpasya siyang magliwaliw na parang multo.

Hindi na bale, mukhang laru-laro rin lang naman kay June ang pagpatol dito. Busy kasi palagi si Atlas. Kahit dito sa resort ay dinadala nito ang trabaho. At isa pa, hindi malambing at outgoing ang panganay, samantalang maharot ang bunso. Namamalagi rin dito ang magkapatid tuwing tag-araw dahil anak ang mga ito ni Albus Alco.

Eight summers na niyang nakasama ang magkapatid na Aldon at Atlas dito sa *Arcachon* kaya parang kilala na niya. Ilang tulak na rin at kanti ang natikman niya kay Aldon. Mabait naman sa kanya si Atlas, kapag may panahon itong pansinin siya. Tahimik din lang kasi ito palagi. Kay Atlas nga lang

talaga siya walang bad memories at sa mga magulang nitong sina Viola at Albus. Palagi rin siyang may regalo mula rito sa tuwing magkikita sila rito sa resort. Nagbibigay ito ng regalo sa lahat at kasama siya sa nabibigyan.

Noong bata sila ay puro tsokolate ang binibigay nito sa kanya, mula nang magdalaga siya ay pabango. Hindi nga niya alam kung bakit ito namimigay ng regalo. Hindi naman malambing, pero namumudbod. Siguro dahil palaging nag-aaway ang magkapatid, kaya sa pagiging generous ito bumabawi.

Ilang beses nang nakita ni Yarra ang dalawa na nagsuntukan dati noong mga bata pa sila. Ngayon isnaban na lang at pasaringan. Si Atlas ay twenty-five habang si Aton ay twenty-three. Si June naman ay twenty tulad niya.

Dahil walang magawa ay naglaro na lang siya ng *Candy Crush* sa cellphone. Abalang-abala siya sa level niya nang may lumabas din sa patio.

Si Atlas.

“Yarra, nakita mo ba si June?” tanong ng lalaki.

Pinindot niya ang lahat ng pulang candy bago sumagot. “Puntahan mo na lang sa theater room at baka nandoon.”

“Thanks,” sabi nito bago tumalikod.

Tumigil siya sa kakapindot at biglang kinabahan. Ano ba ang pumasok sa utak niya at binanggit niya ang theater room?

Hindi nagtagal nang may narinig siyang mura mula sa loob.

Boses ni Atlas.

Mayamaya ay may suntukan na at basagan.

“Bastard thieving a**hole!” sigaw ni Atlas.

“To hell with you!” sigaw pabalik ni Aldon. “Who do you think’s gonna stick with you, huh? No one!”

At mukhang may nagsuntukan ulit dahil may mga napaangal sa sakit.

“Somebody! Help us!” sigaw ni June.

May nakita siyang nagtakbuhang mga empleyado. Grabeng murahan at laitan ang namagitan sa magkapatid. Mukhang maraming tao ang kinailangan para maawat ang dalawa.

Hindi na siya nakigulo dahil baka kung ano ang madatnan niya roon. Pagkatapos ng ingay ay kumalma rin ang sitwasyon. Nang matantiyang wala nang tao sa loob ay saka pumasok si Yarra at

dumerecho sa elevator para makapunta sa kuwarto niya sa second floor.

Pagdating sa kanyang kuwarto ay binuksan niya ang TV para manood ng replay ng *The Swan*. Mga makeover kasi ang gusto niyang panoorin. Tutok siya sa pinapanood pero hindi maalis-alis ang kaba dahil sa nangyari kanina. Malaki ang kutob niyang siya ang babalikan sa pagkakabisto kina June at Aldon.

Hindi nga siya nagkamali dahil mayamaya pa ay bumukas ang pinto at bumungad si June na galit na galit na nakatingin sa kanya. Parang papatayin siya nito.

“Bruha kang lumpo ka!” sigaw nito sabay hablot sa buhok niya.

Paano naman siya makakatakbo? Paano siya makakalaban sa sitwasyon niyang ito?

“You and your jealous, ugly face! Bruha! Walang kuwentang pilay! Pabigat! Useless bitch!” sigaw ni June sabay tadyak at sabunot sa kanya.

Noon dumating si Roger at ang ina niya para paghiwalayin sila. Matagal pa bago naawat ng lalaki si June.

Lumapit sa kanya ang ina at nanermon.

“Ikaw na gaga ka, bakit ka nagsumbong kay Atlas? Kung alam mo palang may problema, bakit hindi ka sa akin nagsumbong para malutas ko! Inilagay mo lang tayo sa kahihyan, eh!” Galit na galit ang hitsura ni Rose.

Wala nang bago dahil kahit kailan ay si June ang kakampiyan nito.

Marami sana siyang sasabihin pero kinagat na lang niya ang dila dahil ayaw niyang mapaluha sa harapan ng mga ito. Ipapakita niyang bato na siya sa pagmamalupit ng lahat. Hinding-hindi niya bibigyan ng kaligayahan ang mga ito na makita siyang nasasaktan.

“Huwag mo akong tingnan ng ganyan, ha! Pasalamat ka nga at binuhay pa kita kahit ganyan ka! Ano? Pagmamalakihan mo ako?”

Pinaliparan pa siya ng sipa ni June. Napangiwi siya sa sakit pero tahimik niya iyong ininda. Siguro umaasa itong makita siyang lumuluha dahil ni minsan ay hindi siya nito napaiyak kahit anong pagmamaltrato nito.

Binigyan naman ni Roger ng masamang tingin ang anak.

“She deserved it, Daddy!” iyak ni June. “She

shamed me!”

Nasaktan din si Roger na nahihirapan ang anak kaya niyakap nito si June.

Marami pa siyang narinig sa ina bago nagpasya ang tatlo na lumabas na ng kanyang kuwarto. Hindi pa siya nakakahinga ay may sumipa sa pinto ng kuwarto niya at pumasok si Aldon. Lumapit sa kanya ang lalaki at dinuro-duro siya sa noo.

“Ikaw na baboy na pilay ka, napakatsismosa mo talaga! Gusto mong umbagin ko ’yang bunganga mo, ha? Huwag na huwag kang magpapakita sa akin dahil sisiguraduhin kong magsisisi kang ipinanganak ka pa!”

At isinalya siya nito.

“Tandaan mo ang araw na ito, Yarra! Ako ang kinalaban mo! Makikita mong pilay ka!”

At ibinalibag nito ang pinto pasara.

Nang wala nang mga mata na nakatingin sa kanya ay saka niya hinayaang umagos ang luha mula sa mga mata niya. Para iyong balon na laging napupuno ng tubig. Halos hindi na siya makahinga sa awa sa sarili. Ganito lang ba siya palagi? Palaging talunan?

Tenth Summer - Sefah Mil

Niyakap niya ang sarili habang nakalugmok sa sahiḡ at iniluha ang nararamdamang sakit at lungkot. Kahit bumabaha ng luha, ayaw niyang may makarinig sa kanyang pighati.

Ipinapangako niya... Ipinapangako niyang ito ang pinakahuling araw na kakawawain siya ng mga ito.

2

Si Manang Isay ang tanging kasama ni Yarra sa pad niya sa Makati. Pad ito ng daddy niya noong binata pa ito. Inutusan niya ang kasambahay na ipahanda kay Manong Berto ang kotse dahil may pupuntahan sila. Dati ay nagpapasama siya kay Manang Isay kung saan man siya pumunta.

Noong mag-eighteen siya ay sinikap niyang makaalis mag-isa. Hindi naman siya mahilig gumala. Eskwelahan at bahay rin lang halos ang lakad niya.

Nagbihis siya at bumaba sa parking para hintayin si Mang Berto. Pupunta silang gym. Magpapapayat siya.

“May nakita akong gym sa malapit, ma’am,” sabi ni Berto. “Doon na tayo dederecho.”

“Sige po. Mas maigi nga ang malapit para kahit naka-wheelchair lang ako, makapunta ako doon.”

Walang limang minuto sa pagmamaneho si Mang Berto at nakarating sila sa gym. Tinulungan siya ng driver na makababa sa sasakyan at siya na lang mag-isa ang pumasok para mag-inquire.

“Yes po?” tanong ng babae sa information.

“I want to inquire about the programs you offer. I want to be slim.”

Pinahaba ng babae ang leeg para makita mga ang paa niya.

“A minute, ma’am,” sabi nito bago tumalikod. Mayamaya ay kasama nitong lumabas ang isang machong bakla.

Halata niyang gay dahil shaved ang kilay na mahadera ang taas. At nang magsalita ay lalo niyang nakumpirma.

“Paano ka naman, hija, makakagiling niyan, eh, pilay ka. Why don’t you try swimming instead?”

“Gusto ko po sanang mag-*Zumba*,” giit niya.

Sabay na napatawa ang dalawang kaharap.

“Ah, baka po kasi puwede ninyong mai-adjust ‘yong *Zumba* program n’yo para sa akin. Tamarin po kasi ako kaya gusto ko lively. I will pay naman.”

“I’m sorry, hija, pero mahirap talaga ‘yan. Paano ka makakasayaw ng *Zumba* sa wheelchair mo?”

“Pero...” Hindi na niya itinuloy ang sasabihin dahil tinalikuran na siya ng bakla.

Nagbigay naman ng nagpapaumanhing tingin ang babae bago bumalik sa mesa nito.

Wala na siyang nagawa kundi ang lumabas ng gym. Naisip niya na baka sa kasunod na gym ay tanggihan din siya.

“Manong Berto, samahan n’yo po ako sa ospital.”

“Ano po ang gagawin natin doon sa ospital, ma’am?” tanong ng driver.

“Ipapaputol ko paa ko.”

“Susginuo!” bulalas ng nabiglang driver. “Bakit n’yo naman, ma’am, ipapaputol? Kahit pilay kayo, at least may paa.”

“Paano ko mapapalagyan ng prosthetics ang mga binti ko kung may dalawang paa? Kung walang silbi, eh, di ipaputol na.”

“Ma’am, hindi ba puwedeng pag-isipan n’yo muna ’yan? Huwag kayong basta-basta magdesisyon. Malaking bagay po kasi ’yan. At saka alam ba ’yan ng mommy n’yo?”

Hindi siya sumagot. Hindi na sila nag-uusap ng ina tatlong buwan na ang nakaraan pagkaalis niya ng *El Arcachon*.

Sa ina dumadaan ang allowance niya. Pagkauwi niya nang huling summer vacation galing Palawan ay kumuha siya agad ng magaling na abogado para ipaayos ang mana at parte niya mula sa mga negosyo ng ama kaya war sila ni Rose sa ngayon.

May narinig kas siyang usapan ng mag-asawa doon sa *El Arcachon* na nagkaproblema raw ang mga ito sa isang sinalihang negosyo at pera niya ang ginamit na pambayad. Pinalagpas na lang niya. Ngayon, hindi na niya hahayaang gaguhin siya ng kahit sino.

Magpapakadiyosa siya, hintay-hintay lang. Ano ang silbi ng pera niya kung hindi niya gagamitin?

Dinala siya ng driver sa ospital at doon siya nagtanong kung sinong doktor ang puwedeng humawak sa kondisyon niya.

Iniabot ng babae sa information ang papel na sinulatan nito ng pangalan at clinic location ng isang orthopaedic surgeon.

Sinabi ni Yarra sa doktor ang gusto niyang mangyari. “Gusto ko po kasing makalakad nang walang wheelchair. May nakita po ako sa web na prosthetic legs na parang totoong paa talaga.”

Noong isang araw ay nakita niya ang mga pekeng paa sa website ng isang prosthetic company na nakabase sa Scotland. Mukhang totoong paa talaga. Habang suot ay hindi mahahalang *prostheses* pala.

Nasa tatlong milyon ang isang pares. Ginto ang presyo kaya kailangan niya ng malaking pera. Plano niyang pumayat muna bago magpa-prostheses. Depende na rin kung ano ang sasabihin ng doktor. Kung kailangan niyang kumuha ng physical therapist dahil walang gym na gustong tumanggap sa kanya, iyon ang gagawin niya.

“Actually, dati mas pipiliin talaga ng mga pasyente na huwag ipaputol ang mga paa nila kahit ano’ng mangyari,” sabi ng espeyalista. “Gusto nilang isalba ang kung anong meron sila. But times have changed. Marami nang nagpapaputol ngayon para magkaroon ng mas active na lifestyle. Marami na ring magagandang prostheses na mapagpipilian ngayon.” Tiningnan nito ang mga paa niya. “Ipapa-X-ray natin ang paa mo. Naigagalaw mo ba ang upper legs mo?”

“Parang.” Nagkibit-balikat siya.

Wala kasing paki ang mommy niya. Ang Tita Adelaide niya naman noong nabubuhay pa ito ay kontento nang alagaan siya. Wala talagang nagpursigi na makalakad siya. Para sa mga ito ay wala na siyang

pag-asa.

Sa daan-daang makeover shows na napanood niya sa television, naniniwala si Yarra na may pag-asa pa siya.

Sa *Internet* ay may nakikita siyang mga babae na kahit prostheses ang mga paa ay maganda ang social life at love life, may sex life pa. Dalawa na ngang naka-prostheses ang nakita niyang sumayaw sa *Dancing with the Stars*.

Gusto niyang maging ganoon din siya, positibo at may patutunguhan ang buhay.

“We’ll see. But I warn you that it’s not going to be an easy task physically, emotionally and financially. Masakit maputulan ng mga paa, at kailangan mo ng therapy para talaga makalakad nang wasto gamit ang prosthetic legs mo. Siyempre, mahal lalo na kung mamahaling prostheses ang bibilhin mo.”

Naisip nga niyang pupunta siya ng Scotland para magpagawa ng personalized prostheses doon. Kailangan niya talaga ng pera. “Doc, do you have an idea kung gaano katagal ang buong proseso?”

“It depends on your healing. Baka mga isa o dalawang taon.”

Hindi na bale. Ipinapangako niya na hindi siya babalik ng *El Arcachon* nang hindi nakakalakad. Madali na ang isa o dalawang taon.

Ibinagsak ni Rose Delgado ang telepono pagkatapos makausap ang abogado ng anak. Magdedemanda umano kung hindi nila maibalik ang nagastos na pera ni Yarra.

Tinawagan ni Rose ang asawa. Nagri-ring pero hindi nito sinasagot ang tawag niya.

“Where the hell is this guy?” sigaw niya at ibinato ang cellphone sa sofa. Kumuha siya ng sigarilyo at tumayo sa harap ng glass wall kung saan makikita ang mga nagtatayugang gusali sa labas.

Nasa fourteenth floor ang pad nila kaya maganda ang view. Seventeen years na siya sa Singapore and she was glad she came here with her husband.

Si Roger ang naging sandalan niya matapos mabiyuda. Hindi na niya dinala si Yarra dahil abala siya at mas maaalagaan ito ng kanyang ate.

Dumating si June. Lumapit ito sa kanya at humalik.

“Have you seen your dad? Kailangan naming

mag-usap.”

“Why?” tanong ng anak-anakan.

Hindi siya sumagot. Hindi kasi nila ibinabahagi rito ang karamihan ng kanilang problema, lalo na pagdating sa pera.

“Atlas still doesn’t want to talk to me,” sumbong ni June.

“Gaga ka kasi! ’Yan ang napapala ng mga walang utak.” Lumapit siya sa wine bar at kumuha ng whiskey para kumalma ang dugo niya. Pinuno niya ang baso at tinungga. “Kausapin mo siya nang masinsinan. Huwag kang sumuko hangga’t di nawawala ang galit niya. Atlas is the best you can get.”

Humiga sa sofa si June at napatingin sa kisame. “I know it won’t be long at mapapatawad niya rin ako. Aldon and I were just watching movies.”

Napailing siya. Ang narinig niya ay nakakandong ito sa lalaki nang madatnan ni Atlas. Gaga kasing Yarra iyan. Ano kaya ang pumasok sa utak niyon at nagsumbong?

Pinindot niya ang cellphone na iniabot ni June sa kanya nang lumapit siya rito sa sofa, at sa pagkakataong iyon ay sinagot na ng asawa ang tawag

niya. Pumasok siya sa kuwarto para hindi marinig ng dalaga ang mga sasabihin niya.

“Yarra’s lawyer called again. They need the money in September. That’s three months from now!”

“Magarbo ka kasi,” sisi ng nasa kabilang linya. “Travel dito, travel doon. Shopping dito, shopping doon.”

“Hoy, Pilato! Nakalimutan mo ba na doon tayo kumuha ng pambayad mo ng utang kay Ming Lei nang malugi ang kompanya mo?”

Natahimik si Roger.

“Bigyan mo ako ng pambayad sa anak ko.”

“Amuin mo kasi para tigilan ka na. Akala ko ba kaya mong kontrolin si Yarra? Ano na ngayon?”

Siya naman ang natahimik.

Oo nga, bakit ba siya nagpapaapekto sa anak? “I’ll call you later.” Pinatay niya ang telepono at tinawagan ang abogado ng anak.

“Yes, Mrs. Delgado?”

“Tell my daughter may pagkakagastusan pa akong importante kaya I can’t pay her this September. And tell her I’ll be home soon to see her. Maghanda-

handa siya.”

“Okay,” ang tanging sagot ni Atty. Buenviaje.

Nasa isang social gathering si Rose sa embahada ng Turkey sa *Shenton Way* nang tumawag ang kapatid ni Roger na si Mimi.

“Ate, may nagpaalis sa amin d’un sa bahay. Utos daw ni Yarra,” sumbong ng kanyang bilas.

Hindi siya agad nakasagot. Bahay nga ni Julian, ama ni Yarra, ang tinitirhan ngayon ni Mimi at ng pamilya nito. Ipinahiram niya lang dahil nabibigatan daw sa pagbabayad ng renta sa condo ang kapatid ni Roger na si Armand. Walang konsiderasyong pilay na iyon. Dapat nagtanong muna ito sa kanya bago gumagawa ng mga desisyon.

“I’ll call you Mimi, ha. I need to call my daughter first para sermunan.”

“Okay po,” sabi ng nasa kabilang linya.

Tinawagan niya ang numero ni Yarra at tulad ng mga nagdaang araw ay out of coverage area ito. Tinawagan niya ang abogado ng anak.

“Who are you to decide about the house?” Di na

niya maitago ang inis. “You should have asked me first.”

“Mrs. Delgado, it’s Yarra’s house. You should have asked her first to know if it’s okay with her to lend it to your brother-in-law. May buyer na ang bahay ngayon.”

Na-high blood siya. Umuwi na lang siya sa kanilang pad at naabutan ang kanyang asawa na abala sa kakanood ng laro ni Tiger Woods sa telebisyon. Pagkakita sa kanya ay ang bahay din ang una nitong inireklamo. Naaawa raw ito sa kapatid nito.

“You have no idea how much I want to slap that girl,” sabi niya. “Sasampalin ko talaga siya para magtino.”

“Kawawa naman sina Armand. I sent them money,” sabi ni Roger.

“Oo nga. Ewan ko ba kung ano na naman ang pumasok sa utak ng Yarrang ’yan. Mukhang giyera ang hanap. Siguro may nagsusulsol diyan.”

Noon dumating si June. Tulad nila ay mainit din ang ulo nito dahil nakuwentuhan na ng pinsan ng tungkol sa pagpapaalis sa bahay.

“Walanghiyang Yarra ’yan, Mommy!” sabi ng anak-anakan. “The house belongs to you, right? Kaya

kayo ang may karapatan kung sino ang puwedeng umuwi doon. Baka kung ano'ng gawin ni Yarra doon. You know how irresponsible she is!”

Hindi siya sumagot. Nagbalot siya ng mga gamit dahil bukas na bukas ay lilipad siya papuntang Pilipinas.

“Mom, I want to go with you para magkausap kami ni Atlas. Nasa Manila raw siya ngayon,” ani June.

Pumayag siya para matulungan ang dalaga na makipagbalikan sa nobyo. Botong-boto sila ni Roger kay Atlas. Pahamak kasing Yarra iyan.

Alas ocho ay nandoon na silang dalawa sa airport. Lunch time ay nasa Manila na sila. Nagpasundo sila kay Armand para ito na rin ang maghatid sa kanila sa pad ni Yarra. Doon nga sila dumiretso pagkatapos mananghalian.

Pagdating sa condo ay hinarang sila ng guard.

“At bakit n’yo kami haharangan?” tanong niya sa guwardiya. “It’s my late’s husband’s pad kaya may karapatan ako doon.”

“I’m sorry, ma’am. Iyan kasi ang advice sa amin ni Ma’am Yarra. Kausapin n’yo po ang admin dahil may order din galing sa kanila na hindi kayo puwedeng

papasukin dito.”

“Leche!” Nagtungo sila ni June sa admin office. Para silang mga torong papasuong sa laban. Ang may edad na building manager ang humarap sa kanila.

“Miss Yarra Gellard can choose who she wants to welcome as guests and who not to welcome,” sabi ng building manager.

“I’m her mother!” Tapangan pala ang laban. Puwes! Hindi nila alam kung sino ang kinakalaban nila.

“And Miss Yarra Gellard specifically advised us not to let her mother enter her unit.”

“Wala kayong karapatang pagbawalan ako! May karapatan ako doon dahil sa late husband ko ’yon.”

“Unless you can show us Deed of Ownership, ma’am, we can’t let you in. Si Yarra kasi kompleto ang ipinakitang papeles sa amin.”

“Bitch!” sambit ni June.

Na-high blood si Rose kaya dinuro niya ang building manager. “Tell Yarra, may oras din siya!” Tumingin siya pagkatapos sa stepdaughter para makasenyas na lumarga na sila. Bago pa siya makapatay ng tao.

Nang nasa sasakyan ay inutusan niya si Armand na ihatid sila sa opisina ng abogado ni Yarra na si Atty. Buenviaje. Doon ay tinanggap sila ng may edad ding lalaki na malaki ang katawan at parang sa wild boar ang mukha.

“I need to talk to my daughter,” sabi niya rito. “Make her talk to me.”

“I’m sorry, Mrs. Delgado. We have here a temporary restraining order against you for being emotionally abusive toward your daughter.” Iniabot ng abogado ang mga papeles sa kanya.

Pagkabasa sa restraining order ay sinigawan niya ang abogado. “Baka ikaw kasi ang sulsol sa anak ko! Panira ng relasyon ang mga abogadong tulad mo! Pasalamat nga ang Yarra na ’yan at binuhay ko pa siya. Walang utang na loob. Ingrata!”

Umiling ang abogado. “It’s your responsibility to raise her. After hearing you speak, I can say that you’re indeed abusive.”

“I’ll do everything to strip you of your license. I’ll be filing a case against you!”

“I’ll wait for it, Mrs. Delgado,” kalmadong sagot ng abogado.

3

Hinila na ni Rose si June para makaalis na sila sa opisina ng lawyer ni Yarra. High blood siya habang nakasakay sa kotse ni Armand. Tinawagan niya ang asawa para humingi ng payo kung ano ang sunod na gagawin. Tinawagan niya rin ang kanilang abogado.

Inihatid muna nila si June sa bahay ng mga Alco. Hindi pa niya nakakausap ang amiga niyang si Viola, ang ina ni Atlas. Si Viola ang original wife pero separated ang dalawa ni Albus at may iba nang kinakasama ang negosyante—ang ina nga ni Aldon.

Best friend ni Rose si Viola. Kaibigan niya itong matalik noong high school sila.

Tinanggap sila ni Viola pagdating sa bahay ng mga ito sa Corinthians, pero matabang na ang pakitungo nito. Dinala sila nito sa patio sa likuran ng bahay.

“Nanonood lang naman ng sine sina Aldon at June noon,” sabi niya sa kaibigan. “Wala namang masama dahil June and Aldon are good friends, too.”

“My son is not talking about it,” sabi ni Viola. Maganda ito dati at ito pa nga ang muse nila palagi,

pero napabayaang ang sarili kaya tumaba. “And it’s his life. Ayaw kong makialam.”

“Tita, I swear, nanonood ang kami ng sine ni Aldon. Napakaseloso rin kasi ni Atlas,” sabi ni June. “Tita, I believe Atlas and I can still fix this. I love your son, Tita.”

Hinawakan ni Rose ang kamay ng kaibigan. “Natatandaan mo pa ba, Vio, ang usapan natin dati na anak mo at anak ko sana ang magkatuluyan para hindi lang tayo mag-best friend, magbalae pa? ”Tapos magsi-share pa tayo ng mga apo. Tulungan mo kasi kaming kausapin si Atlas.”

Napabuntong-hininga si Viola. “It really depends kay Atlas. Siya ang kausapin n’yo dahil ayaw kong masabihan na pakialamera. He has his own mind.”

“Tita, I can’t contact him anymore. Can I have his new number?”

Muling napabuntong-hininga si Viola. Napaisip ito, pero kinalaunan ay kinuha ang cellphone sa pouch na nasa mesa at binigay kay June ang numero ng anak.

Masaya silang nagpasalamat sa amiga niya. Hindi na bale. Bibilhan niya ito ng *Hermes* na bag.

Marami pa silang pinagkuwentuhan ng best friend niya. Nang nagpasya na silang umuwi, kahit paano ay wala na ang high blood niya.

Hawak ni Yarra ang rosarito habang hinihintay ang nurse na maghahatid sa kanya sa operating room. She sighed.

Sana tama itong desisyon niyang magpaputol ng mga paa. Naduduwag siya. Nagpapawis ang mga palad niya. Parang nalulunod siya sa nerbiyos.

“Yarra Gellard,” tawag ng nurse habang hawak ang chart niya.

“Tawag ka na, Yarra,” sabi ni Manang Isay.

Kinakabahan siyang tumingin sa katulong. Puwede pa sigurong mag-back out, pero nakakahiya rin dahil naayos na nila ng doctor ang lahat. Isa pa, magbabayad din siya anuman ang mangyari. Nilunok niya ang laway at tumango sa nurse.

Ito na siguro ang tinatawag na tiis-ganda.

Pumasok sila ng nurse sa silid na puno ng ilaw at mga aparato. Ikinuyom niya ang mga palad, ayaw niyang ipakita na natatakot siya.

Matapang ka, Yarra, pagpapakalma niya sa sarili. Marami ka nang hinarap na pagsubok sa buhay mo.

Hindi nagtagal ay tumalab ang anesthesia na itinurok sa kanya. Tuluyan na siyang ginapi ng dilim.

Hindi alam ni Yarra kung gaano katagal ang naging operasyon niya. Basta pagmulat niya ay madilim na sa labas ng kanyang kuwarto. Tulad ng dati ay nag-iisa na naman siya. Baka umuwi si Manang Isay. Ilang oras din siguro itong naghintay. Kailangan din naman nitong magpahinga.

Wala pa siyang nararamdamang sakit. Siguradong gumagana pa ang anesthesia. Sinubukan niyang tingnan ang mga binti. Natatakpan ang mga iyon ng kumot. Napadasal na lang siya sa Diyos na bigyan siya ng lakas ng loob.

Kinaumagahan, sumasakit ang mga binti niya. Pinapainom siya ng painkillers para mabawasan ang hapdi, pero napapaaray pa rin siya. Si Manang Isay ay hindi alam kung ano ang gagawin.

“Yarra, ano ba ang gusto mong kainin?” tanong nito.

“Bilhan n’yo po ako ng ice cream. Mantecado flavor.”

“Akala ko ba never ka nang kakain ng ice cream

dahil magpapapayat ka?”

“Naman. Kailangan ko ng pampawi ng sakit. Dali na, Manang Isay! Bili ka ng ice cream. Kahit lalamunan ko man lang malagyan ng tamis. Lahat yata ng parte ng katawan ko ngayon ay humihiyaw sa sakit.”

Kumilos na si Manang Isay para bumili ng ice cream.

Pinagtuunan niya ng atensyon ang laptop at tumitig sa prosthetic legs. Inlababo talaga siya sa mga prostheses na gawang Scotland. Iyong babae sa picture hindi talaga halata na peke ang mga paa habang nagmomodel ng pulang cocktail dress.

“Magiging kasing-sexy rin kita!” At muli siyang napadaing sa sakit.

Kelan kaya magbibigay ng bayad si Mr. Ty sa binili nitong bahay para makapunta na siya ng Scotland? Bargain price na nga ang bigay niya roon para lang mabenta agad dahil ayaw magbayad nina Rose at Roger sa kinupit ng mga ito.

May pera din siya sa bangko mula sa ama pero kailangan pa ng signature ng ina niya. Inaayos pa lang ngayon ng abogado ang lahat para mapunta iyon nang derecho sa kanya.

Matagal bago nakabalik si Manang Isay. Sumaya siya nang nakita ang isang gallon na ice cream. Apat na buwan din siyang hindi nakatikim nito.

Hindi makapaniwala si Rose sa narinig mula sa pinsan na nagpaputol daw ng mga binti si Yarra.

“Ano na namang katangahan ang pumasok sa utak ng batang ’yon?” sigaw niya habang nakatayo sa gitna ng sala. Papunta na dapat siya sa isang art exhibit nang tumawag ang pinsan.

Napatigil si Roger dahil nabigla sa malakas niyang boses. Pati si June na naninigarilyo sa labas ng terrace ay napalapit sa kanya para magtanong.

“Nagpaputol si pilay? Why oh why?” Humalakhak ito.

Binigyan niya ng masamang tingin ang anak-anakan dahil hindi niya gusto ang tawa nito. Napatalikod na lang ito at bumalik sa terrace.

Gusto niya mang puntahan ang anak para tingnan ang kalagayan nito, may temporary restraining order nga laban sa kanya ang korte. Siyempre, kahit papaano ay nag-aalala rin siya. Magpaputol ba naman ng paa nang hindi man lang nagpapaalam sa kanya.

“Wala nang ibinigay kundi konsumisyon!” aniya bago lumabas para magpahatid sa museum.

Malapit na siya roon nang makatanggap ng tawag mula kay Viola.

“Amiga, pupunta ako d’yan sa Singapore. Mag-usap sana tayo.”

“Okay! No Problem. Sa amin ka na mag-stay.”

“Di na. I’ll be staying at a hotel. Dinner tayo. You suggest a good restaurant.”

“Okay.” Sa matagal na panahon ng pananatili sa Singapore ay gamay na ni Rose ang social scene dito kaya palagi siyang iniimbitahan ng mga kakilala. Art agent siya dati bago pinakasalan ni Julian Gellard kaya suki rin siya sa mga art exhibits para magbigay ng expertise niya.

Hindi niya feel ang exhibit ngayon. Parang amateurish. Sobrang yaman nga lang kasi ng pamilya ng artist kaya afford ang ganito kagarang exhibit kung saan kumikinang ang lahat ng mga bisita.

Alas-onse ng gabi ay nakauwi na siya ng bahay para magpahinga. Ikinuwento nga niya kay June na darating si Viola Alco kaya na-excite din ang anak-anakan.

Kinaumagahan ay may natanggap siyang text bandang alas diez ng umaga. Niyayaya siya ng brunch ni Viola dahil may pag-uusapan nga raw sila.

“And don’t bring June,” bilin nito sa text.

“Why? Excited ’yon na makita ka,” text back niya.

Hindi ito nag-text back.

“Mommy, what time are we meeting Tita Viola?” tanong ni June na kapapasok lang sa kuwarto nila ng asawa.

“Ah, hindi na raw matutuloy ang date namin.”

“Ah, okay,” sabi nito bago lumabas ng kuwarto.

Kinabahan siya habang nagbibihis. Ano kaya ang pag-uusapan nila ni Viola?

Nagkita sila ng kaibigan sa isang Mediterranean restaurant na ini-recommend niya. Nandoon na ito, naghihintay sa isang mesa sa labas. Nagbeso-beso sila bago muling naupo.

“Ano ba ’yong pag-uusapan natin, amiga?” tanong niya nang nakaorder na sila ng pagkain.

“Gusto sana ni Atlas at ng daddy niya na ipakasal

mo ang anak mo kay Atlas.”

“Wala tayong problema diyan, amiga. June will love it.”

Isang seryosong mukha ang ibinigay ng kaharap. “Hindi si June. Ang kamay ni Yarra ang hinihingi nila.”

Muntik na siyang mabilaukan. Si Yarra? “Nagbibiro ka ba, Viola?”

Nagbigay ng nagtatanong na expression si Viola. “Bakit ako magbibiro, Rose? Kung tutol ako doon, eh, di sana hindi ako pumunta dito para kausapin ka. Yarra is a nice, decent girl compared to that... slut you own as your daughter. Nanonood ng sine, ha? Iba ang nakita ng anak ko.”

Hindi niya alam ang ire-react, pero hindi niya napigilan ang dila. “Is your son marrying Yarra for her money?”

Umismid si Viola.

Napatawa siya. “I see. The attraction is Yarra’s money! Pero bakit? Hindi ko alam na namomproblema pala kayo sa pera.”

Hindi nito pinansin ang pasaring niya. “Why aren’t you happy that someone wants to marry your

daughter, Rose? Hindi ba usapan natin mga anak-anak natin ang ipapakasal sa isa't isa? Yarra is *your* daughter.”

“Girl, I know I am not a perfect mother, but hey, I'd only be too happy to see her married. But I want a guy who truly loves her. Imagine kung pakakasalan lang siya dahil sa pera?”

“Pero hindi ba't gawain mo rin naman 'yan? You married Yarra's father for his money.”

“Mag-ingat ka sa sinasabi mo,” sabi niya rito. Inimbita lang pala siya nito para insultuhin.

Sumimsim si Viola ng iced tea. “My son wants to marry Yarra and it's okay with me. Hindi na baleng pilay, basta hindi malandi.”

Buong alistong naghintay si Yarra at si Manang Isay ng kanilang flight papuntang Hong Kong. Doon sila sasakay ng eroplano papuntang Scotland. Naka-bandage ang mga binti niya. Hindi na rin sumasakit dahil three months na ang nakalipas mula noong operasyon niya. Hindi nga niya tinitingnan dahil nadi-depress siya. Sa isang banda, nahihinayangan din siya sa mga paa niya at parang mas pangit ngayong putol na ang mga ito.

Siguro naninibago pa siya.

Nininerbiyos si Yarra na nai-excite habang hinihintay ang boarding time. Dalawang beses na siyang nakalabas ng bansa noong buhay pa ang kanyang Tita Adelaide. Noong pumunta sila ng Canada at ng Singapore.

First time niyang aalis na wala ang tita niya. First timer din itong si Manang Isay.

Pagkatawag sa flight number nila ay nakipila na sila. Si Manang Isay kinakabahan, lalo na nang papalipad na ang eroplano. Napahawak ito sa rosaritong dala.

Pagdating nila sa Hong Kong, lilipat sila sa isang eroplano papuntang Europe. Hinanap nila ang exit nila at sa dami ng tao ay hindi nila alam kung saan liliko. Hinanap niya ang isang Caucasian na narinig niya kanina na papunta umanong Scotland.

Mabuti at natanaw niya ang likod nito dahil sa suot na pamatay na pink na T-shirt. Dito sila bumuntot hanggang sa narating nila ang exit. Pumila pa sila para makasakay sa bus dahil sa kabila raw ang boarding gate nila.

Tinulungan naman sila ng mga airport personnel dahil invalid siya. Nang makarating na sila sa

Tenth Summer - Sefah Mil

kanilang boarding gate ay saka lang siya nakahinga nang maluwag. Naghintay sila roon ng isang oras bago tinawag ang flight nila.

Mahaba ang naging biyahe nila. Pagdating sa Scotland ay bagsak ang mga katawan nila sa apartment na kanilang nirentahan.